**Komisyon ng U.S. para sa Pantay na Oportunidad ng Empleyo**

# Ang Pag-iwas sa Diskriminasyon ay Magandang Negosyo

***Ang pag-iwas sa diskriminasyon ay magandang asal ng Negosyo.*** Ang pagsunod sa batas ay maaring makadagdag sa pagkaproduktibo, pantanda, at sigla ng empleado at nakakabawas rin ito sa mga gastusing panglegal. Maaring mabigyan ka rin ng karapatan sa mga benepisyo sa buwis dahil sa pag-upa mo sa mga taong may kapansanan o sa pagbibigay daan ng negosyo mo sa mga taong may mga kapansanan! Tignan ang http://www.eeoc.gov/eeoc/publications/adahandbook.cfm#appendixa para sa mas maraming impormasyon.

***Makakatulong ang EEOC sa mga nagmamay-ari ng maliliit na negosyo!*** Ang EEOC ay ang ahensiya ng gobyernong federal na nagpapatupad ng mga batas federal laban sa diskriminasyong empleyo na batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan, edad, at impormasyong genetic. Pinipigilan rin ng mga batas na ito ang paghihiganti (kaparusahan) dahil sa pagtutol o pagreport ng diskriminasyon o paglahok sa imbestigasyon ng isang diskriminasyon o kaso.

## Ang mga Responsibilidad Mo

- **Siguraduhin na ang mga pasyang empleyo** ay hindi batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan, edad, o impormasyong genetic.
- **Siguraduhin na ang mga patakaran at kasanayan** ay hindi nauugnay sa trabaho at hindi nito isinasantabi ang mga tao na may ibang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan, o edad.
- **Siguraduhin na hindi naliligalig ang mga empleado** dahil sa kanilang lahi, kulay, relihiyon, kasarian, bansang pinagmulan, kapansanan, edad, o impormasyong genetic.
- **Ibigay ang pantay na sahod sa lalaki at babaeng empleado na gumagawa ng parehong trabaho,** maliban kung maikakatuwiran mo ang pagkakaiba ng sahod na ayon sa batas.
- **Tumugon agad at ng husto sa mga reklamo tungkol sa diskriminasyon.** Itigil, asikasuhin, at pigilan ang pagliligalig at diskriminasyon. Siguraduhin na hindi mapaparusahan ang mga empleado dahil sa pagrereklamo nila.
- **Magbigay ng mga makatwirang kaluwagan** (mga pagbabago sa normal na paraan ng paggawa sa trabaho, gaya ng pagpapahintulot sa pagpalit ng iskedyul para makapunta ang empleado sa doktor o maari niyang sundin ang pistang pangilin ng mga relihiyon) **sa mga aplikante at sa mga empleado na nangangailangan nito para sa rason na medikal o panrelihiyon,** kung hingin ito ng batas.
- **Maglagay ng poster** na naglalarawan sa federal na mga batas tungkol sa dikriminasyong empleyo. (Magdownload ng walang bayad sa http://www1.eeoc.gov/employers/poster.cfm).
- **Ingatan ang ano mang mga rekord ng empleyo** (gaya ng mga aplikasyon o rekord ng mga tauhan) gaya ng hinihiling ng batas.

Maaring mayroon ka pang mga karagdagang responsibilidad sa ilalim ng federal, estado, o lokal na mga batas.

## Paano Kami Makakatulong

- **Maari naming sagutin ang mga katanungan mo** tungkol sa mga batas na ipinapatupad namin.
- **Maari kaming magbigay ng mga mungkahi** para matulungan kang makaiwas sa panliligalig, paghihiganti, at iba pang kita ng hindi makatarungang diskriminasyon.
- **Maari ka naming turuan pati na ang mga empleado mo** tungkol sa mga karapatan at responsibilidad sa trabaho.
- **Maari ka naming tulungan para malutas ang mga habla (reklamo) ng EEOC tungkol sa diskriminasyon** bilang tagapamagitan. Ang pagiging tagapamagitan ng EEOC ay walang bayad, hindi pormal, at lihim na proseso para malutas ang mga alitan at makatipid ka ng oras at pera.

## Makipag-ugnayan sa Amin!

**May mga staff ng EEOC sa buong bansa na maaring tumulong sayo. Huwag mag-atubilin; makipag-ugnayan ka na sa amin ngayon!**
Mayroong libreng tulong pangwika, kung kailangan.

- ***Kailangan mo ng impormasyon o training mula sa EEOC?***
Makipag-ugnayan sa inyong lokal na EEOC Small Business Liaison (http://www.eeoc.gov/employers/contacts.cfm) o tawagan kami sa 1-800-669-4000 (TTY: 1-800-669-6820).
- ***Kailangan mo ng impormasyon tungkol sa mga batas na ipinapatupad namin?***
Tawagan kami sa (202) 663-4691.
- ***May mga katanungan ka tungkol sa habla ng EEOC na diskriminasyon laban sa negosyo mo?***
Makipag-ugnayan sa imbestigador ng EEOC na naitalaga para sa habla sayo.

Inaasahan namin na makarinig mula sayo!

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong lokal na EEOC Small Business Liaison (http://www.eeoc.gov/employers/contacts.cfm).